International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

# Kamalayan at Antas ng Pagtanggap sa mga Katawagang Kultural sa Lalawigan ng Laguna

**Imelda G. Carada[1], Christian Maria Amor C. Palacio[2]**

[1,2]Teaching, College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University- San Pablo, San Pablo City Laguna, San Pablo City, 4000, Philippines

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng kamalayan at pagtanggap ng mga mag-aaral mula sa Laguna State Polytechnic University sa mga katawagang kultural ng Lalawigan ng Laguna. Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong pamamaraan at kuwantitatibong Likert scale na survey sa 200 mag-aaral na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang mga katawagang kultural ay nakategorya sa pangkabuhayan, gawi at tradisyon, at pagdiriwang.

Ipinapakita ng resulta na ang kabuuang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural ay mula "Katanggap-tanggap" hanggang "Lubos na Katanggap-tanggap." Partikular na mataas ang pagtanggap sa mga terminong nauugnay sa mga seremonyang panlipunan, relihiyoso, at mga pangunahing produkto. Samantala, ang antas ng kamalayan ay nagpakita ng mas masalimuot na larawan, na may mga resulta mula "May Kamalayan" hanggang "Katamtamang Kamalayan." May mga katawagan, lalo na sa larangan ng pangkabuhayan, na tila hindi na gaanong pamilyar sa kabataan, na nagpapahiwatig ng epekto ng modernisasyon sa tradisyunal na wika. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangang palalimin, protektahan, at ipasa ang mga katawagang kultural sa susunod na henerasyon upang mapanatili ang lokal na identidad at pambansang kultura.

**MgaSusing-Salita:** Katawagang Kultural, Kamalayan, Pagtanggap, Laguna at Kultura

## INTRODUKSYON

Ang Pilipinas ay isang bansa na mayaman sa iba't ibang wika at kultura, at isa sa mga lalawigan na nagpapakita ng yaman ng kasaysayan at tradisyon ng bansa ay ang Laguna. Matatagpuan ang Laguna sa timog-silangang bahagi ng Maynila, at nakapaligid ito sa mga natural na yaman tulad ng Laguna de Bay. Ang kabisera ng lalawigan ay ang Santa Cruz, at binubuo ito ng anim na lungsod at dalawampu't apat na munisipalidad. Kilala ang Laguna sa mga kahanga-hangang tanawin, tulad ng Bundok Makiling at Bundok Banahaw, pati na rin sa mga magagandang lawa. Bukod sa mga natural na yaman, ang mga pangunahing hanapbuhay sa lalawigan ay pagsasaka, pangingisda, pabrika, turismo, at komersyo. Alinsunod kay Patrick (2020), ang Laguna ay mayaman din sa mga pista at tradisyon, tulad ng Coconut Festival sa San Pablo City, Turumba Festival sa Pakil, Pinya Festival sa Calauan, at Tsinelas Festival sa Liliw, na nagpapakita ng kasaysayan at kultura ng bawat bayan at lungsod.

Ang wika at kultura ng isang lugar ay nagsisilbing salamin ng pagkakakilanlan ng mga tao sa komunidad. Sa kabila ng yaman ng kultura at tradisyon ng mga taga-Laguna, kasabay ng pag-usbong ng modernisasyon ay ang malakas na impluwensya ng mga banyagang kultura, partikular na ang wikang Ingles na mula sa Estados Unidos. Ang patuloy na globalisasyon at ang mas mabilis na pag-usbong ng

teknolohiya ay nagdulot ng mga bagong termino at wika na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Mas pinipili ng mga kabataan, kabilang na ang mga mag-aaral, ang paggamit ng wikang Filipino at mga banyagang wika sa kanilang pakikipagkomunikasyon, na nagbibigay sa kanila ng higit na kasiyahan at pakiramdam ng pagiging makabago. Gayunpaman, ang ganitong uri ng wika at kultura ay may malaking epekto sa kasaysayan at tradisyon ng mga mamamayan ng Laguna, at maging ng buong Pilipinas. Ayon sa mga eksperto, ang impluwensiya ng kultura ng mga banyaga ay nagiging sanhi ng pagkakaroon ng kakulangan sa pagpapahalaga sa mga katutubong wika at tradisyon ng bansa (Malaluan et al., 2024).

Dahil dito, napakahalaga ng mga hakbang upang mapanatili at mapalaganap ang mga lokal na wika at tradisyunal na katawagan na naglalarawan sa kultura at kasaysayan ng mga mamamayan ng Laguna. Ang mga katutubong wika at katutubong terminolohiya ay nagiging kasangkapan upang maipakita ang pagkakakilanlan ng bawat komunidad. Subalit, sa harap ng modernisasyon at ang patuloy na pagdami ng mga banyagang impluwensya, mas lalong kinakailangan ang mga programa na magsusulong ng wika at kultura ng Laguna. Ang mga programang ito ay magbibigay-diin sa pagpapahalaga sa mga lokal na wika at tradisyon ng mga tao, at magsusustento sa mga makulay na kasaysayan at kultura ng lalawigan.

Sa isang pag-aaral nina Francisco et al. (2023), natuklasan nila na may mga mag-aaral na may mababang kamalayan sa mga katangiang fonolohikal ng Philippine English, ngunit may positibong pagtanggap sila sa gramatika nito. Samantalang sa pag-aaral naman nina Secretaria et al. (2024), napag-alaman naman na may mataas na kamalayan ang mga estudyante sa kultura ng mga katutubong komunidad sa Bukidnon, ngunit may average na antas ng kultural na kompiyansa. Ipinapakita nito na maaaring may pagkakaiba ang kamalayan at pagtanggap sa iba't ibang aspeto ng isang wika, na kung saan maaaring tinatanggap nila ang mga salita ngunit di naman nila ito lubusang nauunawaan at maaaring nauunawaan naman nila ito ngunit di nila ito nagagamit o tinatanggap bilang bahagi ng kanilang pamumuhay. Dahil dito, layunin ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito na matukoy ang parehong kamalayan at pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga katawagang kultural na na umiikot sa mga kategoryang pangkabuhayan, paniniwala, tradisyon, at mga pagdiriwang sa lalawigan ng Laguna.

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot ay sumasalamin sa kanilang paggamit at pagpapanatili nito hanggang sa mga susunod pang mga henerasyon. Sumusuporta ito ni Rogers (2003) na sinipi nina Atkin et al. (2015) sa kanilang pag-aaral na kung saan sinabing ang antas ng pagtanggap sa isang ideya, gawi, o produkto ay makikita sa pag-aampon at pagpapatuloy ng paggamit nito sa aktwal na buhay ng mga tao. Samantalang ang kamalayan naman ay tumutukoy sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan ng mga katawagang kultural na kanilang nasasaksihan sa komunidad. Alinsunod sa pag-aaral nina Formanes et al. (2024), ang antas ng kamalayan ay tumutukoy sa lebel ng pagkaalam o pang-unawa ng isang tao tungkol sa isang partikular na konsepto, isyu, o kultura. Tinukoy ng mga mananaliksik ang antas ng kamalayan sa pamamagitan ng pagsuri kung paano nila nauunawaan at pinapahayag ang mga aspeto ng kanilang kultura sa pamamagitan ng social media. Kung ang mga estudyante ay may sapat na kaalaman at nauunawaan ang kahulugan nito at ginagamit nila ang social media upang ipahayag ito, maaari itong magpakita ng mataas na antas ng kamalayan. Kaugnay nito, maihahalintulad natin ito sa konsepto ng pagsukat ng antas ng kamalayan ng mga tagasagot sa mga katawang kultural sa lalawigan ng Laguna.

Ang bawat datos na nakalap mula sa mga tagasagot ay umiikot sa mga katawagang kultural sa Laguna na kinabibilangan ng mga salitang naririnig o nasasaksihan sa binyag, kasal, pamamanhikan, patay, pista, paghahalaman, pangisdaan, niyugan, at mga salita kaugnay sa tiyak na produktong sikat sa bayan. Ang mga katawagang kultural na ito ay pinili at ibinatay sa isang pag-aaral ni Carada (2019)….

Ang mga katawagang kultural ay hinati at pinagsama-sama sa tatlong kategorya ayon sa kinabibilangan

ng ideya o konseptong nakapaloob dito. Mula sa
Sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbibigay ng kahulugan sa mga makakalap na katawagang kultural, inaasahan ng mga mananaliksik na matulungan ang mga mag-aaral na mas mapahalagahan at mapanatili ang mga tradisyunal na kaalaman na sumasalamin sa kasaysayan at kultura ng kanilang komunidad. Sa ganitong paraan, magiging bahagi sila sa pagpapatibay ng lokal na identidad at pagpapalaganap ng mga tradisyunal na wika at kultura hindi lamang sa loob ng kanilang lalawigan kundi pati na rin sa buong bansa.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay sasagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kamalayan ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural?
2. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga katawang kultural?

## MATERYALES AT PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng palarawang pananaliksik o deskriptib na paraan, ito ay pamamaraan na naglalarawan ng kalagayan ng isang bagay o pangyayari upang makabuo ng mga patunay at pahayag sa natuklasang karanasan. Ang mga mananaliksik ay bumuo ng iskalang laykert o likert scale na may pamamaraang kuwantitatibo upang makalap ang tugon ng mga tagasagot batay sa kanilang kamalayan at pagtanggap sa mga katawagang kultural sa lalawigan ng Laguna.
Ang scale ay binubuo ng 4 point-scale, sa pagsukat ng pagtanggap ng mga tagasagot, uto at nagsimula sa pinakamababang antas na "Lubos na Hindi Katanggap-tanggap" (1) at natapos sa pinakamataas na antas na "Lubos na Katanggap-tanggap" (4). Samantalang sa kamalayan, ang pinakamababa ay "May Kaunting Kamalayan" (1) at pinakamataas na "Lubos na may kamalayan" (4). Ang mga pahayag sa survey ay tumutok sa mga aspeto ng pagtanggap at kamalayan sa wika, partikular sa mga katawagang kultural sa Laguna.
Ang mga tagasagot ng pananaliksik na ito ay kinasasangkutan ng dalawang daang (200) mag-aaral mula ng Laguna State Polytechnic University, na pinili batay sa purposive sampling. Ang purposive sampling ay nagpapahintulot sa mga mananaliksik na pumili ng mga mag-aaral na may mataas na potensyal na magbigay ng makabuluhang impormasyon ukol sa paksa ng pananaliksik. Kinakitaan ng mataas na postensyal ang mga napiling tagasagot dahil sila ay mga naninirahan o nag-aaral sa Laguna.
Sa pananaliksik na ito, gumamit ang mga mananaliksik ng structured survey questionnaire na ginawa sa pamamagitan ng Google Forms bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos. Ang talatanungan ay nakatuon sa pagsukat ng antas ng kamalayan at pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga katawagang kultural na matatagpuan sa lalawigan ng Laguna.
Ang link ng Google Form ay ipinamamahagi sa mga kalahok sa pamamagitan ng iba't ibang online platforms tulad ng Facebook Messenger, email, at group chats ng mga estudyante mula sa Laguna State Polytechnic University. Sa ganitong paraan, naging mas madali at mabilis ang pamamahagi at pangongolekta ng mga tugon, lalo na sa mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng teknolohiya sa kanilang araw-araw na komunikasyon.
Bago nila sagutan ang form, inilagay sa paunang bahagi ng talatanungan ang paliwanag ukol sa layunin ng pananaliksik at paalala tungkol sa pagiging kompidensyal ng kanilang mga sagot. Ang pagsagot ay boluntaryo at sinigurado ng mga mananaliksik na walang sinumang pinilit o inobliga na lumahok.
Matapos ang itinakdang panahon ng pangangalap ng datos, ang mga sagot sa spreadsheet ng Google Forms

ay nalikom na at mula rito ay isinagawa ang pagsasaayos at pagsusuri ng datos ayon sa mga layunin ng pananaliksik.

## RUSULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagtanggap - Pangkabuhayan*

| Indikeytor | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1.Paghahalaman | 3.33 | K |
| 2. Pangisdaan | 3.12 | K |
| 3. Niyugan | 3.35 | K |
| **Kabuuan** | **3.27** | K |

***Pananda:*** *3.50-4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK), 2.50-3.49 Katanggap-tanggap (K), 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap (DK), 1.00-1.49 Lubos na di-Katanggap-tanggap (DLK)*

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural na may kaugnayan sa pangkabuhayan. Base sa mean scores, ang mga indikasyon ng "Paghahalaman" (3.33), "Pangisdaan" (3.12), at "Niyugan" (3.35) ay pawang nasa kategoryang "Katanggap-tanggap" (K). Ang kabuuang mean na 3.27 ay nagpapahiwatig din ng "Katanggap-tanggap" na antas ng pagtanggap sa mga katawagang pangkabuhayan. Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may positibong pagtanggap sa mga terminong kultural na nauugnay sa mga pangunahing hanapbuhay sa Laguna, tulad ng pagsasaka, pangingisda, at pagtatanim ng niyog.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pagtanggap - Gawi and Tradisyon*

| Indikeytor | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Binyag | 3.31 | K |
| 2. Kasal | 3.42 | K |
| 3. Pamamanhikan | 3.57 | LK |
| 4. Patay | 3.56 | LK |
| **Kabuuan** | **3.47** | K |

***Pananda:*** *3.50-4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK), 2.50-3.49 Katanggap-tanggap (K), 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap (DK), 1.00-1.49 Lubos na di-Katanggap-tanggap (DLK)*

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural na may kaugnayan sa mga gawi at tradisyon. Mapapansin na ang "Binyag" (3.31) at "Kasal" (3.42) ay nasa antas na "Katanggap-tanggap" (K). Samantala, ang "Pamamanhikan" (3.57) at "Patay" (3.56) ay nakakuha ng interpretasyong "Lubos na Katanggap-tanggap" (LK). Ang kabuuang mean na 3.47 ay nasa kategoryang "Katanggap-tanggap" (K). Ipinapahiwatig nito na mas mataas ang pagtanggap sa mga katawagang nauugnay sa mga seremonyang panlipunan at relihiyoso na patuloy na isinasagawa sa Laguna.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagtanggap - Pagdiriwang*

| Indikeytor | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Pista | 3.52 | LK |
| 2. Salita Kaugnay sa Tiyak na Produktong Sikat Sa Bayan | 3.51 | LK |
| **Kabuuan** | **3.52** | LK |

***Pananda:*** *3.50-4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK), 2.50-3.49 Katanggap-tanggap (K), 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap (DK), 1.00-1.49 Lubos na di-Katanggap-tanggap (DLK)*

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng pagtanggap sa mga katawagang kultural na nauugnay sa mga pagdiriwang. Kapansin-pansin na parehong ang "Pista" (3.52) at "Salita Kaugnay sa Tiyak na Produktong Sikat Sa Bayan" (3.51) ay nagpakita ng "Lubos na Katanggap-tanggap" (LK) na interpretasyon. Ang kabuuang mean na 3.52 ay nagpapahiwatig din ng "Lubos na Katanggap-tanggap" (LK). Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may napakataas na pagtanggap sa mga katawagang konektado sa mga pagdiriwang at mga sikat na produkto, na sumasalamin sa aktibong presensya ng mga ito sa kanilang kamalayan at karanasan. Kilala ang Laguna sa mga pista tulad ng Coconut Festival at Pinya Festival.

**Talahanayan 4**
*Antas ng Kamalayan - Pangkabuhayan*

| Indikeytor | % | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1.Paghahalaman | 47.75 | KK |
| 2. Pangisdaan | 35.95 | KK |
| 3. Niyugan | 56.36 | K |
| **Kabuuan** | **45.04** | KK |

***Pananda:*** *76-100 Lubos na may Kamalayan (LK), 51-75 May Kamalayan (K), 26-50 Katamtamang Kamalayan (KK), 1-25 May Kaunting Kamalayan (MKK)*

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng kamalayan ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural na may kaugnayan sa pangkabuhayan. Ang "Paghahalaman" (47.75%) at "Pangisdaan" (35.95%) ay nasa antas ng "Katamtamang Kamalayan" (KK). Samantala, ang "Niyugan" (56.36%) ay nagpakita ng "May Kamalayan" (K) na interpretasyon. Ang kabuuang porsyento na 45.04% ay nasa kategoryang "Katamtamang Kamalayan" (KK). Ito ay nagpapahiwatig na bagaman tinatanggap ang mga salita sa pangkalahatan (ayon sa Talahanayan 1), ang kamalayan sa mga ito, lalo na sa mga teknikal na termino tulad ng "dulos" at "halabas" na nauugnay sa paghahalaman at niyugan, ay hindi pa masyadong mataas, na maaaring dulot ng modernisasyon at pagbabago sa pamumuhay.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Kamalayan - Gawi and Tradisyon*

| Indikeytor | % | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Binyag | 33.64 | KK |
| 2. Kasal | 54.03 | K |
| 3. Pamamanhikan | 59.45 | K |
| 4. Patay | 67.16 | K |
| **Kabuuan** | **53.54** | K |

***Pananda:*** *76-100 Lubos na may Kamalayan (LK), 51-75 May Kamalayan (K), 26-50 Katamtamang Kamalayan (KK), 1-25 May Kaunting Kamalayan (MKK)*

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng kamalayan ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural na may kaugnayan sa mga gawi at tradisyon. Mapapansin na ang "Binyag" (33.64%) ay nasa antas ng "Katamtamang Kamalayan" (KK). Samantala, ang "Kasal" (54.03%), "Pamamanhikan" (59.45%), at "Patay" (67.16%) ay nagpakita ng "May Kamalayan" (K) na interpretasyon. Ang kabuuang porsyento na 53.54% ay nasa kategoryang "May Kamalayan" (K). Bagaman may kamalayan ang mga estudyante, may pagkakaiba sa antas nito, na nagpapahiwatig na ang ilang termino ay maaaring hindi lubusang nauunawaan o ginagamit.

**Talahanayan 6**

*Antas ng Kamalayan - Pagdiriwang*

| Indikeytor | % | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Pista | 51.38 | K |
| 2. Salita Kaugnay sa Tiyak na Produktong Sikat Sa Bayan | 60.76 | K |
| **Kabuuan** | **59.29** | K |

***Pananda:*** *76-100 Lubos na may Kamalayan (LK), 51-75 May Kamalayan (K), 26-50 Katamtamang Kamalayan (KK), 1-25 May Kaunting Kamalayan (MKK)*

Ang Talahanayan 6 (na tinukoy bilang Talahanayan 3 sa dokumento) ay nagpapakita ng antas ng kamalayan sa mga katawagang kultural na nauugnay sa mga pagdiriwang. Parehong ang "Pista" (51.38%) at "Salita Kaugnay sa Tiyak na Produktong Sikat Sa Bayan" (60.76%) ay nagpakita ng "May Kamalayan" (K) na interpretasyon. Ang kabuuang porsyento na 59.29% ay nasa kategoryang "May Kamalayan" (K). Tulad ng antas ng pagtanggap, ang kamalayan sa mga katawagang kaugnay ng mga pagdiriwang at sikat na produkto ay mas mataas kumpara sa ibang kategorya, na nagpapakita ng pagiging pamilyar ng mga mag-aaral sa mga ito.

## KONKLUSYON

Batay sa isinagawang pananaliksik, napatunayan na ang mga katawagang kultural na bahagi ng tradisyon, paniniwala, at pamumuhay sa Lalawigan ng Laguna ay patuloy na kinikilala at tinatanggap ng mga kabataan, partikular ng mga mag-aaral mula sa Laguna State Polytechnic University. Ang mga katawagang may kaugnayan sa *binyag, kasal, pamamanhikan, libing, pista, paghahalaman, pangisdaan, niyugan*, at mga *produktong lokal* ay itinuturing na bahagi ng kanilang kultural na kamalayan, bagaman may mga pagkakaiba sa antas ng pagtanggap at kaalaman ayon sa kategorya.

Sa pangkalahatan, ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa mga katawagang kultural ay nasa hanay ng "Katanggap-tanggap" (K) hanggang "Lubos na Katanggap-tanggap" (LK). Ang mataas na pagtanggap sa mga terminong gaya ng *buhos-tubig, pamamanhikan, luksa, Coco Festival,* at *niyog* ay nagpapakita ng aktibong presensya ng mga ito sa kamalayan at karanasan ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na may mga salitang patuloy na ginagamit sa araw-araw na konteksto, lalo na sa mga seremonyang panlipunan at relihiyoso, at sa mga gawaing pangkabuhayan gaya ng agrikultura at pangingisda.

Samantala, ang antas ng kamalayan ay nagpakita ng mas masalimuot na larawan. Bagaman marami sa mga tagasagot ay may "May Kamalayan" hanggang "Lubos na may Kamalayan," lumitaw rin ang presensya ng mga may "Katamtamang Kamalayan" at "May Kaunting Kamalayan," lalo na sa mga terminong teknikal at bihira nang gamitin sa kasalukuyang henerasyon. Halimbawa, sa mga larangang tulad ng *paghahalaman, pangisdaan*, at *niyugan*, may mga katawagan na tila hindi na gaanong pamilyar sa mga kabataan, tulad ng *dulos, halabas,* at *mamamalakya.* Ipinapakita nito na ang modernisasyon at pagbabago sa kabuhayan at lifestyle ay may direktang epekto sa kaalaman ng kabataan sa mga tradisyunal na wika.

Isang mahalagang obserbasyon mula sa resulta ay ang pagkakaiba ng antas ng pagtanggap at kamalayan depende sa antas ng karanasan o exposure ng mga tagasagot. Mas mataas ang pagtanggap sa mga katawagang ginagamit pa rin sa mga seremonya, selebrasyon, at produkto na bahagi ng araw-araw na buhay. Sa kabilang banda, mas mababa naman ang pagtanggap at kamalayan sa mga salitang hindi na gaanong nababanggit o napag-uusapan sa kasalukuyang panahon.

Ang pananaliksik ay nagpapahiwatig ng pangangailangang palalimin, protektahan, at ipasa ang mga katawagang kultural sa susunod na henerasyon. Ang mga salitang ito ay hindi lamang simpleng termino kundi daluyan ng kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng Laguna. Kung hindi kikilos ang mga institusyong pang-edukasyon, lokal na pamahalaan, at ang buong komunidad upang palaganapin at ipreserba ang mga ito, may posibilidad na tuluyan silang maglaho sa kamalayan ng bagong henerasyon. Ang kamalayan at pagtanggap sa mga katawagang kultural ay dapat kilalanin bilang isang mahalagang hakbang sa pagpapatibay ng lokal na identidad at pambansang kultura. Ito ay isang paanyaya sa lahat lalo na sa kabataan na muling tuklasin, gamitin, at ipagmalaki ang sarili nating wika at kultura.

## RECOMMENDATIONS

**Para sa mga mag-aaral.** Hinihikayat na maging masigasig silang pag-aralan at gamitin ang mga lokal na katawagang kultural sa kanilang pang-araw-araw na buhay upang mapanatili at mapalaganap ang yaman ng kanilang sariling wika at kultura. Dapat silang hikayatin na lumahok sa mga kultural na gawain at selebrasyon sa kanilang komunidad upang higit nilang maunawaan ang kahalagahan ng mga tradisyon at katawagang ginagamit sa Laguna. Bukod dito, maaaring gamitin ng mga kabataan ang teknolohiya at *social media* upang ipalaganap at itaguyod ang mga lokal na kultura sa kanilang mga kaibigan at kapwa kabataan.

**Para sa mga magulang.** Inirerekomenda ang kanilang aktibong partisipasyon sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng mga lokal na katawagang kultural sa kanilang mga anak. Dapat nilang hikayatin ang paggamit at pag-aaral ng mga tradisyunal na salita at kaugalian sa loob ng tahanan upang mas mapalalim ang ugnayan ng pamilya sa kanilang kultura at pagkakakilanlan bilang mga taga-Laguna. Mahalaga rin na maging halimbawa sila sa pagpapahalaga at pagsasabuhay ng mga tradisyunal na gawi at pagdiriwang, at suportahan ang mga anak sa paglahok sa mga kultural na aktibidad sa kanilang komunidad. Sa ganitong paraan, masisiguro ang tuloy-tuloy na pagpapasa ng yaman ng lokal na wika at kultura mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod.

**Para naman sa mga guro.** Hinihikayat na isama sa pagtuturo ang mga lokal na katawagang kultural bilang bahagi ng asignaturang Filipino o Araling Panlipunan upang maipakilala at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kultura ng Laguna. Makabubuti rin na magdisenyo sila ng mga aktibidad at proyekto na makakatulong sa paglinang ng kaalaman at pagpapahalaga ng mga estudyante sa mga tradisyunal na salita at kaugalian. Mahalaga rin na bigyang-pansin ang patuloy na pagsasanay at seminar para sa mga guro hinggil sa pagtuturo ng lokal na wika at kultura upang mas maging epektibo sila sa kanilang responsibilidad.

**Para sa susunod na mga mananaliksik.** Inirerekomenda na palawakin pa nila ang saklaw ng pag-aaral upang mas marami ang mapabilang at mas malalim ang maunawaan tungkol sa kamalayan at pagtanggap sa mga katawagang kultural sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas. Mabuting pag-aralan din nila kung paano mas epektibong maipapasa at mapapalaganap ang mga lokal na salita gamit ang makabagong teknolohiya at media. Maaari rin nilang tuklasin kung paano naaapektuhan ng modernisasyon ang paggamit at pagtanggap ng mga tradisyunal na salita sa iba't ibang sektor ng lipunan.

**Sa pamahalaan.** Hinihikayat na suportahan ang mga programa at proyekto na naglalayong itaguyod ang mga lokal na wika at kultura sa pamamagitan ng edukasyon, media, at mga pampublikong aktibidad. Dapat magpatupad ng mga polisiya na nagsusulong ng integrasyon ng mga lokal na kultura at katawagan sa kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon. Nararapat din na maglaan ng sapat na pondo upang masuportahan ang mga lokal na institusyon at pamahalaan sa pagsasagawa ng mga festival, workshop, at dokumentasyon ng mga katawagang kultural. Mahalaga rin ang pakikipagtulungan ng gobyerno sa mga paaralan at non-government organizations upang masiguro ang malawak at sistematikong pangangalaga sa kultura.

**Pasasalamat**
Nais pasalamatan ng mga mananaliksik ang lahat ng nasa likod ng pag-aaral na ito na tumulong.

**Impormasyon sa Pagpopondo**
Ang pag-aaral na ito ay pinagkagastusan ng mga mananaliksik.

**Deklarasyon ng naging Suliranin**
Walang naging sagabal o problema upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.